# Mga Benepisyo sa Kabayaran sa mga Manggagawa at ang COVID-19

Ang mga benepisyo sa kabayaran sa mga manggagawa ay idinisenyo upang bayaran ang medikal na paggamot na kailangan mo upang gumaling mula sa pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, tulad ng pagkakaroon ng COVID-19 sa trabaho. Bahagyang pinapalitan ng mga ito ang mga sahod na mawala sa iyo habang nagpapagaling ka, at tinutulungan kang makabalik sa trabaho. Ang mga benepisyong ito ay magagamit ng mga manggagawa anuman ang katayuan nila sa imigrasyon.

Kung naniniwala kang nahawaan ka ng COVID-19 sa trabaho, dapat kaagad mong **abisuhan ang iyong tagapag-empleyo at maghain ng paghahabol** para sa mga benepisyo sa kabayaran sa mga manggagawa.

**Kung isang emerhensiya ang iyong karamdaman, tumawag sa 911** o pumunta kaagad sa isang emergency room. Sabihin mo sa medikal na kawani na nauugnay sa trabaho ang iyong sakit na COVID-19. Kung magagawa mo ito nang ligtas, **makipag-ugnayan sa iyong tagapag-empleyo** para sa mga karagdagang tagubilin.

## Paano Maghain ng Iyong Paghahabol

- Sabihin sa iyong tagapag-empleyo na nais mong maghain ng paghahabol sa kabayaran sa mga manggagawa o kumpletuhin ang form ng paghahabol mula sa website ng Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa.
- Pupunan ng iyong tagapag-empleyo ang kanilang mga bahagi at ipapadala sa kumpanya ng seguro.
- Tiyaking humiling ng kopya mula sa iyong tagapag-empleyo para sa iyong mga rekord.
- Sa loob ng isang araw mula sa paghain ng form ng paghahabol, dapat pahintulutan ng iyong tagapag-empleyo ang naaangkop na medikal na paggamot. Habang nagpapasya ang iyong tagapag-empleyo kung tatanggapin o tatanggihan ang iyong paghahabol, maaari kang makatanggap ng hanggang sa $10,000 para sa medikal na paggagamot.

## Anong Mangyayari sa Susunod?

→ Kung hindi ka makakatanggap ng liham tungkol sa katayuan ng iyong paghahabol sa loob ng 14 na araw, tawagan ang kumpanya ng seguro para sa isang update.

→ Kung hindi tatanggihan ng iyong tagapag-empleyo ang iyong paghahabol sa loob ng 90 araw, ipapalagay na nasakop ang iyong pinsala.

## May mga katanungan ka pa ba?

Maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa kung mayroon kang mga katanungan o tumawag sa **1-800-736-7401** para sa nakarekord na impormasyon.

Matuto nang higit pa sa: **dir.ca.gov/dwc/injuredworker.htm**

SAFER AT WORK CALIFORNIA ALL saferatwork.ca.gov